# OVP badyet, dadaan sa butas ng karayom



SUSURIIN mabuti ng Kamara ang isinumiteng badyet para sa 2025 ng Office of the Vice President na umaabot sa P2.003 billion, mas mataas ng 8% kumpara sa P1.8 billion ngayong 2024.

Ayon kay Manila Rep. Joel Chua, mistulang dadaan sa butas ng karayom ang badyet ni Vice President Sara 'Inday' Duterte, at hindi ito bibigyan ng tinatawag na "free pass."

" Her OVP budget must be scrutinized for every spent and not spent," sabi ni Chua.

Pinuna naman ni La Union Rep. Paolo Ortega si Duterte na aniya, hindi ang kanyang tungkulin dahil tuwing may problema at kalamidad sa bansa ay nawawala ito o kaya hindi nagsasalita.

Sa halip na magreklamo, dapat na tumulong sa administrasyon si Inday Sara, sabi naman ni Zambales Rep. Jay Khonghun.

Maraming kongresista pa ang nagsabi na bubusiing mabuti ang iniharap na badyet ng OVP. /JWBilbao

# Payo kay Caloy; Marcoleta, Doc Willie sa Senado

REVANZE




BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 2 NO. 45 10.00 AUGUST 5 - 11, 2024


# Mga biktima ng Oil Spill tumanggap ng ayuda

BUNGA ng pansamantalang pagbabawal sa mga mangingisda na manghuli ng isda, tahong, talaba at iba pang lamang-dagat, noong umaga ng Biyernes, Agosto 3, nagsagawa ng pamimigay ng ayuda sa mga mangingisda sa barangay San Rafael 3, Noveleta, Cavite.

Ang aktibidad ay pinangunahan ni Noveleta Mayor Dino Reyes Chua, kasama sina Governor Jonvic Remulla, District 1 Rep. Jolo

*Sundan sa pahina 2*


# Crime Stopper sa HOAs!

SA TOTOO LANG!



# Rest in Peace, Sir Dado!

Sa Ganang Akin



# Imeesolusyon: Agarang tugon sa bayan ng Noveleta!

PERSONAL na binisita ni Senadora Imee R. Marcos ang Noveleta, Cavite noong Linggo, Agosto 4, upang magbigay ng tulong sa mga mangingisdang labis na naapektuhan ng nangyaring oil spill sa Bataan.

Sa isang simpleng seremonya na ginanap sa Pacifico O. Aquino Elementary School sa San Rafael III, ipinakita ni Marcos ang kanyang malasakit at tunay na serbisyo publiko.

Ang kanyang pagbisita ay sinamahan nina Mayor Dino Chua ng Noveleta, Mayor Denver Chua ng Cavite City, Board Member Davey Reyes-Chua, at ng Federation of Filipino Chinese Chambers of Commerce and Industry Inc.

Ang presensya ng mga lokal na opisyal at mga kinatawan ng pribadong sektor ay nagpapatunay ng isang sama-samang pagsisikap upang maibsan ang hirap ng mga apektadong mangingisda.

Bukod sa pamimigay ng bigas, namahagi rin si Sen. Marcos ng mga school supplies sa 500 na mag-aaral na tiyak na makatutulong sa kanilang pagbabalik-esskwela. Nagbigay rin ng libreng lugaw at nutribuns si Imee gamit ang isang NutriJeep.

Sa harap naman ng kamakailang pagbaha, kinuwestyon ng Senadora ang paggamit ng pondo para sa flood control.

"Saan napunta ang mga pondong inilaan para sa flood control? Kung ang pondo na inilaan ay umaabot sa bilyon, nararapat lamang na imbestigahan ng Senado

*Sundan sa pahina 6*




***Senator Imee Marcos kasama sina Mayor Dino Chua, Mayor Denver Chua, Board Member Davey Reyes-Chua, ang Federation of Filipino Chinese Chambers of Commerce and Industry Inc., at ang mga mamamayan ng Noveleta.***



# Barzaga Bros, wala nang iba pa!

BUSISIIN NATIN

# Kapeng barako ng Batangas irerehistro sa IPO

*Sundan sa p.5*

# Imbestigasyon ni Marcoleta sa Offshore Accounts Nagdudulot ng Pagdududa sa Comelec Chairman Bago ang Halalan

*Sundan sa p.2*

# Mga biktima ng Oil Spill... mula sa p.1

Revilla, Agimat Partylist Bryan Revilla, Dist. 1 Board Member Ram Revilla, at Bureau of Fisheries and Aquatic Resources Officer-In-Charge Isidro VBelayo.

Ayon kay Mayor Chua, paunang ayuda ang tinanggap ng mahigit 1,000 mangingisda at may kasunod pang tulong na ibibigay sa kanila mula sa Department of Agriculture (DA)at BFAR.

Kabilang ang Noveleta sa siyam (9) na lokal na pamahalaan sa Cavite na napinsala ng pagkalat ng langis mula sa paglubog kamakailan ng g MT Terra Nova sa karagatan ng Bataan na patuloy na kumakalat sa karagatan ng Cavite.

Sinabi ni Rep. Jolo sa mga apektadong mangingisda na tuloy-tuloy ang pamimigay nila ng ayuda, katulong sina Rep. Bryan at ni Sen. Bong Revilla.

Pananagutin ang may-ari ng MT Terra Nova sa pinsalang idinulot nito sa kalikasan at sa masamang epekto sa hanapbuhay ng mga mangingisdang Caviteno, sabi ni Gov. Remulla.

Bunga nito, ipinagbawal muna ang pamamalakaya sa mga mangingisda sa siyam na bayan ng Cavite, kabilang ang Noveleta na pinipinsala ng oil spill.

Ayon kay Remulla, ang pamahalaang panlalawigan ay nakikipag-ugnayan na sa Philippine Coast Guard (PCG) upang maihanda ang kasong isasampa sa may-ari ng MT Terra Nova.

Ang tumagas na langis ng barko mula sa Limay, Bataan ay umabot ang pagkalat sa Cavite.

Nabatid na maaaring umabot sa mahigit na P1-bilyon ang pinsalang dulot ng oil spill na dito, mahigit sa 25,000 ang apektadong mangingisda, bukod pa ang hindi pa matiyak na dami ng fish market vendors sa apektadong siyam na lokal na pamahalaan na isinailalim sa state of calamity.

Samantala, patuloy ang linggo-linggong ayuda na ipamimigay ng mga apektadong lokal na pamahalaan sa mga mangngisdang hindi muna makapangingisda bunga ng oil spill. /APRIL JOY BRONOLA




*Sa ginanap na pamimigay ng ayuda, ipinaliwanag nina Gov. Jonvic Remulla na pananagutin ang may-ari ng MT Terra Nova sa pinsalang dulot ng oil spill.*

*Pinangunahan ni Noveleta Mayor Dino Reyes Chua ang pamimigay ng ayuda sa tulong nina Dist. 1 Rep. Jolo Revilla, Agimat Partylist Bryan Revilla at mga opisyal ng BFAR sa pamumuno ni OIC Isidro Pelayo.*

# Imbestigasyon ni Marcoleta sa Offshore Accounts Nagdudulot ng Pagdududa sa Comelec Chairman Bago ang Halalan

TOTOO ba ang mga alegasyon -- na umano, mayroong offshore bank accounts sa pangalan ni Commission on Elections (Comelec) Comelec Chairman George Erwin Mojica Garcia?

Sa isang detalyadong press conference kamakailan, ipinaliwanag ni Sagip Partylist Rep. Rodante Marcoleta na kinumpirma ng kanyang verification team, sa tulong ng mga international volunteers, na mayroon ngang ganoong offshore accounts si Garcia.






Nabatid na isang volunteer mula sa New York ang nagdeposito ng $100 sa dalawang account sa Cayman Islands sa pangalan ni George Erwin Mojica Garcia, na nagpapatunay na meron itong mga offshore accounts.

Paulit-ulit namang itinatanggi ni Garcia ang alegasyon at sinabing wala siyang offshore bank accounts.

Samantala, kahit nagbigay si Garcia ng waiver ng bank deposits sa Anti-Money Laundering Council (AMLC) at sa National Bureau of Investigation (NBI),wala pang naibibigay na ulat tungkol dito ang dalawang ahensiya.

Nabatid na matapos ang press release noong Hunyo 26 na duon ay isiniwalat ni Marcoleta ang nabanggit na alegasyon, nalaman na isinara ang mga account sa pagitan ng Hunyo 28 at Hulyo 15.

Sa imbestigasyon ng pangkat ni Marcoleta, nabatid na ang mga transaksyon ay inilipat sa mga account na may banyagang tunog na pangalan.

Dahil sa mabilisang pagsasara ng mga account at paglipat ng pondo ay lalong nagpatibay sa hinala ni Marcoleta.

Dati nang tinawag ni Chairman Garcia ang mga alegasyon bilang isang "demolition job," subalit iginiit ni Marcoleta na ang pagsasara ng mga account ay nagpapahiwatig ng kabaligtaran.

Binigyang-diin ng kinatawan ng Sagip Partylist na kung walang batayan ang mga alegasyon, wala sanang panganga-ilangan para sa ganitong mga hakbang.

Pinunto ni Marcoleta ang kahalagahan ng pagsisiyasat sa mga alegasyon upang matiyak ang integridad ng darating na halalan.

Iginiit niya na nakasalalay ang kredibilidad ng proseso ng halalan at mahalaga ang isang malinis, maayos, at totoo na pagsasagawa ng halalan para sa demokratikong karapatan ng mga Pilipino.

Kaugnay nito, nagsumite si Marcoleta ng House Resolution para sa isang agaran at masusing pagsisiyasat upang mapatunayan ang mga pahayag ni Garcia at matukoy kung dapat bang manatili ang chairman upang pamahalaan ang halalan.

Kung mapapatunayan ang mga alegasyong ito, maaari itong magkaroon ng malawak na epekto sa kredibilidad ng Comelec at ng darating na pambansang halalan, sabi ni Marcoleta.

Tinalakay rin ni Marcoleta ang pagbili ng MIRU system, na pinagdududahan ang pagiging maaasahan nito at ang posibleng epekto sa halalan.

Iminungkahi niya na maaring sapat na ang mga umiiral na ballot-counting machines at binigyang-diin ang pangangailangan ng kalinisan sa proseso ng halalan.

Sa konklusyon, hinimok ni Marcoleta ang publiko na manatiling mapag-bantay at magkaroon ng kamalayan habang umuusad ang imbestigasyon. /PAPI

# Barzaga Bros, wala nang iba pa!



BUSISIIN NATIN
★ Tom Halim

SANA raw, matuloy ang barangay election sa October 2025, ito ang reklamo sa amin, ayon sa nakausap na residente ng isang barangay..

Kasi naman, ayon sa chika ng aking mga palaka na residente ng Sto. Pedro, madalas na wala sa kanilang barangay si Kapitan kaya hindi nila makalapitan o makausap para iparating ang kanilang mga problema at reklamo.

Ano, absentee chairman si Kap. alias 'J.J' na ang inaasikaso ay ang kanyang mga negosyo.

Si Absentee Kap ay hindi na raw ito nakatira doon sa kanillang barangay -- na dapat duon siya ay rtesidente, sabi pa ng mga palaka sa naturang barangay.

Sa isang class na subdivision na nakatira si Absentee Kap at kung masuwertehang matagpuan sa barangay hall, ito naman ay hindi makausap at nagmamadaling umaalis.

At hindi marunong umestima sa mga residente na may inilalapit na reklamo o may nais na iparating na request o problema sa barangay na dapat ay agad na aksiyon.

Aba, may kabastusan pa sa bisita, ha, ha, ha, yabang ano po?

Teka po, saang bayan ba o city ang Sto. Pedro?

Basta, abangan nyo po ang iba pang reklamo kay Absentee Kapitan na ito -- na dapat na raw mapalitan agad, kung magkaroon ng eleksiyon ng kapitan sa 2025.

@@@



Who will be the challengers of Barzaga brothers in the coming midterm May 2025 elections, may maglalakas loob ba -- kung mayroon man.

Sa larawan, sila ang magkapatid na Konsehal/BM Kiko at Third na anak ng Ama ng progresibong Dasmarinas City, ang yumaong Mayor/Congressman Atty. Pidi Barzaga at incumbent Mayor Jenny A. Barzaga.

Marami ang nagtitiwala na si Kiko ang magiging pinakabatang kongresista ng Dasmarinas at si Third naman ang magiging katandem bilang vice mayor ng kanilang mommy Mayor Jenny.

Ayon sa mahigit ding 100 na senior citizen na tinanong ni Busisiin sa pag-iikot sa mga barangay, sinabi nila na kung may mangangahas na labanan ang magkapatid na Barzaga ang kanilang iboboto, wala nang iba pa.

Nakatatak na kasi sa buong mamamayan ng Dasmarinas at maging ng buong Cavite na si Cong/Mayor Pidi ang Ama ng progresibong siyudad na ito, at paano malilimutan ang magandang peformance ng Ina ng Siyudad, Mayor Jenny.

Ang tanong, may kandidato kayang magkakalakas loob na tumakbo laban kay Mayor Jenny at sa magkapatid na Third at Kiko?

@@@



Masayang nagpakuha ng larawan ang kapwa last termer Konsehal Mamerto Bugoy Noora at Konsehal Eric Aledia na kasama ang inyong kolumnista.

Bale, 11 buwan na lamang ang itatagal nila sa Dasmarinas City Council, kasi nga po, naka-tatlong sunod na termino na sina Konsi Bugoy at Konsi Eric sa kanilang remarkable accomplishment sa Sangguniang Panlungsod.

Mabuti raw si Konsi Aledia, ayon sa ating nalaman, siya ay may posisyong hahawakan sa city government, pero si Konsi Noora, may mapupuwestuhan kaya siyang tungkulin pag wala na siya sa Sanggunian?

Meron naman siguro, kasi nga, si Bugoy ay nakitaan naman ng magandang trabaho at siguro, ihahahanap na rin siya ng tungkulin upang maipagpatulloy ang magandang serbisyo ng mamamayang Dasmarinenos.

Happy reading, mga kababayan, ito lamang po si Busisiin!

# Crime Stopper sa HOAs!



SA TOTOO LANG!
★ GENE T. TAN

SINO ba ang in-charge sa peace and order situation sa ating bayan ng Naic, bukod sa ating police officers?

Kasama siyempre dito ang mga opisyal na ang trabaho ay tungkol sa coordination sa police at sa Office of the Mayor and Vice Mayor upang maaksiyonan ang lumalaganap na krimen sa mga barangay at sa mga subdivision.

Kaya nga may itinalagang opisyal sina Mayor Raffy Dualan at VM Jun Dualan para sa problema sa barangay, may tungkulin din ang mga homeowners associations (HOAs), tama po ba ito, mga kinauuklang opisyal.

Sa dami ng problema na hinaharap ng ating municipal government upang maisaayos ang mga programa sa ikagaganda ng Naic, aba, naman, tumulong kayo at wag iasa na lamang kina Mayor Raffy at VM Jun ang lahat.

Kaya nga kayo ipinuwesto sa inyong mga tungkulin -- ng taumbayan at ng munisipyo -- ay para maging totoong public servants.

Pwedeng ikatwiran ng mga HOAs na pribado sila, pero ang katungkulan nyo ay serbisyo publiko sa inyong mga kasapi, at kayo ay nagogobyernuhan ng Department of Human Settlements and Urban Development (DHSU at ng Housind and Urban Development Coordinating Council (HUDCC).

Nakarating sa kolum na ito ang maraming insidente ng nakawan sa mga subdivision at sa mga housing projects ng gobyerno.

Tanggapin natin, sa ratio ng pulisya at mamamayan, kokonti lang, kulang ang police force natin, at dito, kailangan ang crime stopper sa mga barangay at subdivision.

Magagawa ito kung magkakaroon ng MOA ang barangay, HOAs at police sa coordination ng municipal government upang makapagtayo ng crime stopper sa mga subdivision, pabahay at sa mga barangay.

Nangyayari kasi, saka lang kumikilos pag nangyari nang nakawan, krimen o karahasan, saka lamang kikilos ang HOAs at barangay natin, aba ang kailangan po ay pro-active tayo.

Marami pong indibidwal ang nais maging volunteer na maging katuwang na peace officers, kasama ang mga tanod at pulisya natin.

Kailangan may matatakbuhan ang mga biktima ng home invasion, pagnanakaw, at iba pa, at sana wag mangyari na may masaktan, may ma-rape at mapatay na homeowner na napapabalita sa ibang LGUs sa Cavite.

Wag namang paupo-upo na lamang tayo, mga HOA officers at barangay officials natin, kasi po kayo ay inaasahan na agad kikilos para sa kapakanan ng ating mga kababayan.

Sana ay makarating sa kinauukulan ang problemang ito na ipinarating sa amin, at kumusta na po ang aksiyon ng Water Services sa mga pabahay ng Naic?

Malansa, makati pa rin po at may amoy na hindi magamit na panligo at panlinis sa bahay?

Kilos na po kayo, kasi wag nang antayin pa ng management ng MDS Water na magka-rally pa at matuloy ang naririnig kong balak na petisyon na alisan kayo ng permit to operate sa Naic.

Kilos na kayo diyan sa MDS Water at nang matuwa naman ang inyong consumer, salamat po.

Para sa inyong komento, sarfia926@gmail.com

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

HENRY E. CAOILE
Founder

DOMZ B. CAOILE
Publisher

ELI TAPARAN II
Editorial Consultant
(on medical leave)

ADELA R. ZAMORA
Special Projects Director

JANETH W. BILBAO
Circulation Manager

member
papi Publishers Association of the Philippines Inc.

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563


Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# Rest in Peace, Sir Dado!



**Sa Ganang Akin**

by Adela R. ZAMORA

RAMDAM ko ang pighati at pangungulila ni Ma'am Becka -- tinatawag nating Ate Becka Velasquez, EVP ng Publishers Association of the Philippines, Inc. (PAPI) at isa sa founder and current president ng Cavite Province Publishers League Inc. (CPPLI).

Bilang nanay na namatayan ng asawa at dalawang anak, kahit matagal na iyon, sa pagkamatay ni Sir Diosdado Velasquez na Kuya, Tito ng marami sa amin sa Cavite media, ito talaga ay nakagugulat.

Aking naaalaala, nun 2019 na kinasuhan kami ng libel, usurpation of authority, grave coercion at iba pang kaso, kasama sina Ma'am Becka, Ma'am Franz Orlain, aming Guro, Kuya Eli Taparan. at kasama rin si Sir Dado at maraming iba pa, magkakasama kami na nag-file ng aming Joint Counter-Affidavit sa Cabanatuan, Nueva Ecija.



*In this photo, kuha ito sa Development Academy of the Philippines sa Tagaytay City sa annual media conference ng PAPI na si Sir Eli ang isa sa guest speaker -- bilang kinatawan noon ni Cavite Vice Gov. Jolo Revilla, noong 2016 (?).*

*Si Kuya Dado sa dulong kanan, katabi si Sir Domz. Kuya Eli at si Cavite PIA chief Ruel Francisco.*

==========================================================

Di ko makakalimutan ang biyaheng iyon, at kami lahat, naging very enjoyable ang aming road trip to Cabanatuan and back to Manila,... it was an awesome adventure, at hagalpakan kami talaga sa mga jokes ni Sir Dado.

Sa isang bayan sa Pampanga kami nagpahinga, sa bahay ng isang kapatid ni Sir Dado na ang sarap ng inihandang hapunan namin -- fresh na inihaw na hito, karpa at sinigang na hipon at kalderetang dalag ba iyon?

Iba talagang mag-entertain ng bisita at maghanda ng pagkain ang mga Kapampangan, super delizioso!


Isa ako sa saksi kung gaano kabait, kung gaano kabuti ang kalooban ni Sir Dado: his generosity, iba talaga.

Sa iyo, Ma'am Becka, sa iyong mga anak, kamag-anak at sa mga kaibigan mo sa media, please accept my sincerest condolences.

Ang alaala ni Sir Dado, mananatili sa aming puso.

Nasa kamay ka na ng ating Amang Diyos, rest in peace.

@@@




Ang management ng BantayBalita ay nakikigalak din sa pagdiriwang ng inyo pong kaarawan, Pastor Senorin. Mabuhay!




UNITY pact: President Ferdinand R. Marcos Jr. on Thursday, August 8 has formalized the alliance of Partido Federal ng Pilipinas (PFP), with the Nacionalista Party (NP) led by bilyonaryo Manny Villar.

Marcos said that the alliance of his PFP and NP would have a "big, influential and historical" impact on the coming midterm elections on May 2025.

The president added that the alliance "[would] help us fulfill our shared goal for the Filipino people."

The PFP also signed a unity pact with Lakas-Christian Muslim Democrats, the Nationalist People's Coalition, and the National Unity Party.

## Tagumpay ng Calabarzon... *from P.8*

mapahusay at mapaigting pa ang kampanya laban sa kriminalidad, at ang pagpapanatili ng kapayapaan at katahimikan at ang mas pinalakas na kabalikat ang mga komunidad at mamamayan.

Ayon kay Gen. Lucas, hindi lamang nasa balikat ng men and women in uniform ang pagpapanatili ng peace and order, dito, kasama ang kooperasyon at pakikiisa ng bawat masunuring mamamayan laban sa kriminalidad.

Sa kabuuan, idiniin ni Gen. Lucas na ang pulisya ng Rehiyon 4-A ay handa lagi, 24 oras upang pangalagaan ang kaligtasan at katahimikan ng mamamayan.

"We assure the public that the Police Regional Office Calabarzon is fully committed to ensuring their safety and security," sabi ng Heneral.

Upang magawa ito, inilunsad ang paggamit ng POWER Mobile Application, Project LUKAS, Project HONdA, at ang Blue Cops in Mobile on Wheels.

Mahalaga, sabi ni Gen. Lucas ang kooperasyon at pakikiisa ng publiko sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan, kaya ibinilin niya sa lahat ng sa mga police station na aksiyon agad ang mga hinaing at problemang inilalapit ng mga mamamayan..

Idiniin ng heneral, na ang PNP ay mananatiling tapat sa tungkuling maglingkod at magbigay ng proteksiyon sa bayan. /DENNIS ADLAWAN




TRABAHO sa Bacooreno: Sa bubuksang bagong S&R branch sa darating na Seyembre, nagkasundo ang management nito na uunahing tanggaping kawani ang mga kuwalipikadong residente ng Bacoor City.

Inihayag ito ni Mayor Strike Revilla, na sabi niya sa kanyang Faceook post, Revilla, ito ang napagkasunduan niya at ng management ng S&R na bibigyang prioridad ang mga aplikante ng lungsod.

# Kapeng barako ng Batangas irerehistro sa IPO

INAAYOS na ang pagpaparehistro ng Intellectual Property Office (IPO) ng Batangas Provincial Agriculturist (OPAg) ang "Kapeng Barako" (Liberica Coffee).

Ito, ayon sa pamahalaang panlalawigan ay upang masiguro ang marka at matibay na branding nito kapeng gawa sa Batangas na kilala sa masarap na lasa at tawag na "Kapeng Barako."

Ayon kay OPAg head Rod Bautista noon pang Mayo ay binuo na ng kanilang technical working group (TWG) ang mga hakbang upang maihanda ang lahat ng rekisitos na para maging opisyal na pagmamay-ari ng lalawigan ang pangalang "Kapeng Barako."

"We have gathered Batangueños in different fields as part of our collaborative effort to promote the cultural heritage of our coffee industry. The TWG is composed of historians, academicians, coffee farmers, and other stakeholders," ani Bautista.

Nabatid na nais ni Gov. Hermilando Mandanas na maiparehisto sa IPO ang kilalang brand ng lokal na kape ng Batangas.

Sa panayam pa noong Huwebes, Agosto 8, sinabi ni Bautista na subok na DNA (deoxyribonycleic acid)-tested seeds ang ginagamit sa produksiuon ng kapeng Liberica.

Pinasalamatan naman ni Arnold Malbataan, pangulo ng Batangas Coffee Farmers Federation (BaCoFFEd) ang pagsisikap na mairehistro ang lokal na Liberica Coffee ng lalawigan.

"Kapeng Barako has been part of our identity as Batangueños and Lipeños such that its registration will strengthen our identity as coffee farmers and shall further enrich our history in the province," sabi ni Malbataan. /DBC

# Sen. Imee Marcos & FFCCCII undertake P6-M typhoon relief, urge reforms in economy




QUEZON City – Senator Imee Marcos and Federation of Filipino Chinese Chambers of Commerce and Industry, Inc. (FFCCCII) President Dr. Cecilio K. Pedro announced their ongoing P60 million typhoon Carina relief effort during their talk at the Pandesal Forum of the 85-year-old Kamuning Bakery Cafe.

This relief effort, spearheaded by FFCCCII and Senator Imee Marcos, involves 30 major Filipino Chinese business, cultural, and civic organizations, providing aid to flooded and hard-hit areas of Metro Manila and nearby provinces such as Bulacan, Bataan, Pampanga, Tarlac, and Cavite.

The eventual target is P100 million worth of donations for essential relief supplies like rice, canned sardines, and other necessities.

During the forum, Senator Marcos and Dr. Pedro congratulated gymnast Carlos Yulo for his unprecedented success in winning two Olympic gold medals in Paris, expressing high hopes that pole vault athlete EJ Obiena, boxers, and other athletes will also secure medals in the ongoing Olympiad.

Dr. Pedro emphasized the importance of focusing on individual sports where height is not a crucial advantage, advocating for disciplines where the Philippines can excel globally, unlike basketball which has height requirements.

Senator Marcos advised Carlos Yulo and other Filipino sports winners to manage and invest their prize money wisely, seeking good and honest advisers. She also urged the government to revive grassroots sports programs similar to the successful Gintong Alay project of her late father, President Ferdinand E. Marcos, which nurtured champions like Lydia de Vega and Elma Muros.

Both Senator Marcos and Dr. Pedro lamented the August 3, 2024, death of FFCCCII Honorary President and philanthropist Dr. Henry Lim Bon Liong, known as the "Father of Philippine Hybrid Rice."

Dr. Lim was a strong advocate of Philippine economic self-reliance, agricultural self-sufficiency, and enhanced economic cooperation with China.

Addressing questions on foreign policy, Senator Marcos urged the government to uphold an independent and balanced approach similar to other ASEAN countries like Malaysia, Thailand, Vietnam, and Indonesia, which prioritize trade and economic cooperation.

She emphasized the importance of the Philippines maintaining friendly relations with all global powers for economic and strategic benefits, avoiding involvement in power rivalries.

She advocated for less aggressive rhetoric and actions regarding the West Philippine Sea tensions and for continuing diplomatic negotiations. Senator Marcos also stressed the need for national defense self-reliance and regional peace through ASEAN consultation and consensus.

On the economy, Senator Marcos called for increased support for micro, small, and medium enterprises (MSMEs) and the promotion of local manufacturing to reduce reliance on Business Process Outsourcing (BPOs) and overseas Filipino workers (OFWs).

Dr. Cecilio Pedro echoed these sentiments, urging improvements in ease of doing business and energy reforms to attract more foreign direct investments (FDIs), including the adoption of nuclear energy and other new technologies to lower high electric power rates.

# Payo... fr. P.8

kay Caloy.

Leave them in peace at iwan na ang kanilang problema, dahil nagkapatawaran na, ay ikaw Golden Boy, at nanay ni Caloy, kung may family problem kayo, isarili na lamang.

Caloy, walang perpektong pamilya, walang perpektong nanay at tatay -- tao tayong lahat na tiyak na magkakamali, kaya lahat tayo ay maging mapagpatawad, tulad ng ating Amang Diyos at Panginoong JesuCristo na unang sa atin ay walang sawang nagpapatawad.

@@@

Sa larawan, makikita ang 12 preferred candidates na posibleng manalo sa 2025 midterm elections, sila ay sinag ACT-CIS partylist/Deputy Speaker Erwin na Top No. 1 na sinundan ni dating Senate Pres. Tito Sotto.

Ito ay ayon sa latest survey July 6-12, 2024 nationwide survey conducted ng Social Weather Stations (SWS) mayroong margin of erroer of +/- 3 percent.

Wow, "winner" din sa SWS survey si dating Sen. Ping Lacson (3); reelectionist Sen. Imee Marcos (4); dating Pres. Rodrigo Duterte (5); Sagip Partylist Cong. Rodante Marcoleta (6);

Reelectionist Senators Pia Cayetano (7); Francis Tolentino (8); Bato Dela Rosa (9) Davao City Cong. Paolo Duterte (10); dating Sen. Manny Pacquiao (11) at Doc Willie Ong (12).

Ang ating kabayang Imuseno, Sir Ping Lacson dapat ay maibalik natin sa Senado, likewise sina reelectionist Ate Imee, Sir Bato at si Doc Willie na matagal na tayong walang doktor na senador na tulad ni Doc Juan Flavier na ang topic ng kanyang agenda ay tungkol sa health.

Kailangang maamendahan ang Universal Health Care Law at maayos ang PhilHealth program na maraming anomalya, at ito ay matutukan ni Doc Willie kung siya ay mananalo.

Kung tunay na Mr. Expose ang kailangan sa Senado, gusto kong maging senador si Rep. Marcoleta, kasi nakita natin ang trabaho niya sa House, hindi pabara-bara ang imbestigasyon niya at may magandang committee report at kaakibat na rekomendation para maging maayos at matagumpay ang isasampang kaso sa mga anomalyang didinggin sa Kongreso.

We need Marcoleta sa Senado, at bakit, iba ang mamang ito, sa kanya ay walang personalan, trabaho lamang at maingat siya sa pag-iimbestiga, kasi ang nais niya ay maaayos, transparency in government!

Magiging exciting din kung magiging senador ang mag-amang Digong at Paolo Duterte, pero kung ako, mabuting magpahinga na si Tatay Digong.

At iwasan na nating iboto ang mga senador at kongresistang wala namang gaanong ginagawa at panay lang ang papogi at kubra ng milyon-milyong sahod, alwanses, perks, freebies at ang iniintindi ay ang kanilang mga nakatagong negosyo.

Para sa inyong komento, domzcaoile @yahoo.com

**Advertise with us!**

We are now offering publication of legal requirementsy for:

* Extra-Judicial Notices * Self-Adjudication *Correction in Live Births *Correction in Names and Surnames* Affidavit of Loss* Obituaries, and other legal notices, notarial services and other publication needs.

